# INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue IV
June 2026
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

****************************************************************************************************

**IMPLEMENTASYON NG STRATEHIYA SA PAGSUSURI BATAY SA TEMA NG MAIKLING KWENTO SA PAGPAPAUNLAD NG KAKAYAHAN SA KOMUNIKASYON NG MGA MAG-AARAL SA BAITANG 9**


**REYMART P. GEMINA**
**Teacher I**
Western Leyte College
Master of Arts in Education
Major in Filipino
reymart.gemina@deped.gov.ph


## ABSTRAK


Ang pag-aaral na ito ay sumuri sa implementasyon ng estratehiya ng pagsusuri batay sa tema ng maikling kuwento sa pagpapaunlad ng kakayahan sa komunikasyon ng mga mag-aaral sa Baitang 9 sa Lao Integrated School sa Dibisyon ng Ormoc. Ang mga resulta ng pag-aaral ay naging batayan para sa isang plano ng pagpapabuti sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral sa larangan ng komunikasyon. Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng deskriptibong pamamaraan ng pananaliksik upang masuri ang implementasyon ng estratehiya ng pagsusuri batay sa tema ng maikling kuwento sa pagpapaunlad ng kakayahan sa komunikasyon ng mga mag-aaral sa Baitang 9. Layunin ng pag-aaral na matukoy kung paano naipatutupad ng mga guro ang tematikong pagsusuri ng maikling kuwento at kung paano ito nakatutulong sa pagpapalawak ng kakayahan sa komunikasyon ng mga mag-aaral sa larangan ng pakikinig, pagsasalita, pagbasa, at pagsulat. Upang makalikom ng datos, namahagi ang mananaliksik ng talatanungan o survey questionnaire sa mga piling mag-aaral sa Baitang 9. Ang talatanungan ay naglalaman ng mga pahayag hinggil sa implementasyon ng estratehiya ng pagsusuri batay sa tema ng maikling kuwento at sa antas ng kakayahan sa komunikasyon


****************************************************************************************************

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

****************************************************************************************************

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume VII, Issue IV**
**June 2026**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

ng mga mag-aaral. Sinagutan ng mga respondente ang talatanungan nang buong katapatan upang makuha ang kinakailangang datos para sa pag-aaral.

Matapos makalap ang mga datos, ang mga ito ay pinagsama-sama, inayos, at sinuri gamit ang angkop na estadistikal na pamamaraan tulad ng weighted mean at iba pang kaugnay na pagsusuri upang matukoy ang epekto ng implementasyon ng estratehiya ng pagsusuri batay sa tema ng maikling kuwento sa pagpapaunlad ng kakayahan sa komunikasyon ng mga mag-aaral sa Baitang 9. Ang talakayang ito ay tumutukoy sa ugnayan ng pagpapatupad ng estratehiya sa pagsusuri batay sa tema ng maikling kuwento at sa kasalukuyang antas ng kasanayan sa komunikasyon ng mga mag-aaral sa Baitang 9. Layunin nitong matukoy kung may makabuluhang kaugnayan ang maayos na implementasyon ng estratehiya sa pag-unlad ng kakayahan ng mga mag-aaral sa komunikasyon. Ipinapakita ng resulta ang antas ng relasyon ng dalawang baryabol batay sa estadistikal na pagsusuri.

Makikita sa talahanayan na ang ugnayan ng dalawang baryabol ay may interpretasyong "Napakalakas na Positibong Ugnayan." Ipinapakita rin na ang nakuha na halaga sa pagsusuri ay mas mataas kaysa sa itinakdang halaga sa antas ng makabuluhang pagsusuri, kaya't tinanggihan ang null na palagay. Ibig sabihin, may makabuluhang ugnayan ang dalawang baryabol at hindi ito nagkataon lamang.

Ipinapakita ng resulta na kapag mas mataas ang antas ng pagpapatupad ng estratehiya sa pagsusuri batay sa tema ng maikling kuwento, mas mataas din ang antas ng kasanayan sa komunikasyon ng mga mag-aaral sa Baitang 9. Ipinahihiwatig nito na ang

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue IV
June 2026
Available online at https://www.instabrightgazette.com

sistematikong paggamit ng tematikong pagsusuri ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pakikinig, pagsasalita, pagbasa, at pagsulat, gayundin sa kanilang kritikal na pag-iisip at pagpapahayag ng ideya.

Ipinahihiwatig ng mga resulta na may mahalagang papel ang implementasyon ng estratehiya sa pagpapaunlad ng kasanayan sa komunikasyon ng mga mag-aaral. Ang resulta ay nagpapakita na ang mas mataas na antas ng pagpapatupad ng estratehiya ay nagdudulot ng mas mataas na antas ng komunikatibong kasanayan. Kaya't ang natuklasan ay nagpapahiwatig na ang tematikong pagsusuri ng maikling kuwento ay isang epektibong estratehiya sa pagpapahusay ng kakayahan ng mga mag-aaral sa komunikasyon at sa kanilang pagganap sa asignaturang Filipino.

**Keywords:** *Implementasyon, Stratehiya, Pagsusuri, Maikling Kwento, Pagpapaunlad, Kakayahan, Kumunikasyon, Mag-aaral, Baitang 9*

## PANIMULA

Sa pagtuturo ng maikling kuwento, napapansin ko kung gaano kahalaga ang bawat akda sa paghubog ng pananaw, damdamin, at pagpapahalaga ng mga mag-aaral. Ang mga kwento ay hindi lamang simpleng binabasa sa klase; ito rin ay daan upang makita ng mga bata ang iba't ibang mukha ng buhay. Sa tradisyonal na pagtuturo, kadalasang nakatuon lamang ang diskusyon sa banghay at tauhan, ngunit mas nagiging makabuluhan ang pagkatuto kapag nakatuon din sa tema ng kuwento. Sa ganitong paraan, natututo ang mga

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue IV
June 2026
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

mag-aaral na magnilay sa mga isyung panlipunan at karanasang napapanahon sa kanilang buhay, habang pinapalakas ang kanilang kasanayan sa pakikipagkomunikasyon, parehong oral at nakasulat.

Bilang guro at mambabasa, naniniwala ako na ang mabisang pagdulog sa panitikan ay may malinaw na layunin—ang malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral na ipahayag ang kanilang sariling paninindigan. Hindi sapat na alam lamang ng mga bata ang nangyari sa kuwento; mahalaga ring matutunan nilang maglatag ng matibay na argumento, gumamit ng ebidensya mula sa binasa, at ipagtanggol ang kanilang pananaw nang may respeto at lohika. Dito pumapasok ang pagsusuring tematiko. Sa pagtutok sa sentral na diwa ng akda, nahihikayat ang mga mag-aaral na bumuo ng mas malalim at makabuluhang interpretasyon mula sa maikling kuwento.

Sa aking karanasan sa silid-aralan, kapag tematikal ang paraan ng pagtalakay, mas nagiging aktibo ang klase. May sumasagot, may nagtatanong, may kumokontra, at marami ang nagbubukas ng sarili nilang pagninilay tungkol sa mga isyung tulad ng kahirapan, diskriminasyon, kabayanihan, at pananagutan. Pinili ko ang paksang ito upang magkaroon ng malinaw at konkretong batayan kung paano nakaaapekto ang tematikong pagsusuri sa kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral, lalo na sa pagpapahayag ng kanilang paninindigan. Bilang guro, mahalaga sa akin na makita ang paglago nila—hindi lamang sa pagsusulit o grado, kundi sa kung paano nila ginagamit ang natutunan sa totoong buhay.

Ayon kay Reyes (2019), ang tematikong pagsusuri ng maikling kuwento ay epektibong nakakapaglinang ng kasanayan sa komunikasyon ng mga mag-aaral dahil hinihikayat nitong

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

tukuyin at ipaliwanag ang sentral na diwa ng akda. Natuklasan ng mananaliksik na kapag binibigyang-pansin ng mga mag-aaral ang tema, mas nagiging aktibo sila sa talakayan, mas mahusay ang kanilang oral at written outputs, at mas nakikilahok sa konstruktibong debate. Suporta rin nito ang ideya na ang kritikal na pag-iisip at pagbuo ng argumento ay nauugnay sa mas mataas na antas ng pagpapahayag sa wika (Reyes, 2019).

Bilang guro, napapansin ko na ang pagsusuring tematiko ay nakaangkla sa mga pamantayan ng kurikulum sa Filipino para sa Baitang 9, lalo na sa paglinang ng kritikal na pag-iisip at pagpapahalaga bilang mga Pilipino. Sa paggamit ng tematikong lapit, mas nagagawang iugnay ng mga mag-aaral ang binabasa nilang teksto sa mahahalagang usaping panlipunan, kaya mas makabuluhan ang kanilang pagkatuto. Nakikita ko rin na nagsisimula sila sa simpleng pag-unawa sa kuwento at unti-unting umuusad patungo sa mas malalim na pag-aanalisa, hanggang sa kaya na nilang bumuo at maglahad ng sarili nilang argumento.

Sa lokal na konteksto, mas epektibo ang tematikong pagsusuri kapag ginamit ang mga kwentong malapit sa karanasan ng mga bata. Halimbawa, ang mga kwentong pang-rehiyon o kuwentong bayan ay nagiging makabuluhan sa talakayan dahil tumutugon sa mga isyung pangkomunidad. Bilang guro, mahalaga na ang anumang estratehiya sa pagtuturo ay may matibay na empirikal na batayan. Kaya isinagawa ang pag-aaral na ito upang matukoy kung ang tematikong pagsusuri ay talagang nakapagpapalakas ng kakayahan ng mga mag-aaral na magpahayag ng paninindigan at maging modelo para sa iba pang guro.

Isa sa mga hamon sa pagtuturo ay ang pagpili ng maikling kuwentong akma para sa Baitang 9, lalo na sa mga sensitibong paksa tulad ng gender, politika, relihiyon, at karahasan.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

Mahirap ding masukat ang "paninindigan" ng mga mag-aaral dahil kailangan itong gawing malinaw at nasusukat sa kanilang mga output.

Mayroon ding mga mag-aaral na hindi agad nakikilahok sa talakayan, maaaring mahiyain o kulang sa kumpiyansa, kaya nag-aalangan magsalita sa harap ng klase. Dagdag pa rito ang mga praktikal na limitasyon tulad ng kakulangan sa oras, materyales, at pangangailangan sa masusing paghahanda ng mga gawain, rubrics, at performance tasks, lalo na kapag masikip ang pacing o kulang ang resources.

Batay sa karanasan at obserbasyon, malinaw na ang pagsusuring tematiko ay may positibong epekto sa paglinang ng kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral sa Baitang 9. Nakakatulong ito hindi lamang sa pagpapalawak ng kaalaman sa wika at panitikan, kundi pati na rin sa kritikal na pag-iisip, pagbibigay ng ebidensya, at pagpapahayag ng sariling pananaw. Dahil dito, mahalagang isagawa ang pag-aaral na ito upang magkaroon ng kongkretong ebidensya at modelong pedagogical na maaaring gamitin ng mga guro sa pagpapaunlad ng komunikasyon at panitikan sa kabataan.

Ang pag-aaral na ito ay sumuri sa implementasyon ng estratehiya ng pagsusuri batay sa tema ng maikling kuwento sa pagpapaunlad ng kakayahan sa komunikasyon ng mga mag-aaral sa Baitang 9 sa Lao Integrated School sa Dibisyon ng Ormoc. Ang mga resulta ng pag-aaral ay naging batayan para sa isang plano ng pagpapabuti sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral sa larangan ng komunikasyon.

Partikular, ito ay naglalayong sagutin ang mga sumusunod na tanong:

Editorial Team
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

1. Ano ang saklaw ng pagpapatupad ng stratehiya ng Pagsusuri Batay sa Tema ng Maikling Kuwento sa Pagpapaunlad ng Kakayahan sa Komunikasyon ng mga Mag-aaral batay sa mga sumusunod:

    1.1. Pagpaplano ng Pagsusuri Batay sa Tema;

    1.2. Nilalaman at Pag-unawa sa Tema;

    1.3. Estratehiya sa Pagtuturo;

    1.4. Kakayahan sa Pasalitang Komunikasyon; at

    1.5. Kakayahan sa Pasulat na Komunikasyon?

2. Ano ang kasalukuyang antas ng kasanayan sa komunikasyon ng mga mag-aaral sa Baitang 9?

3. Mayroon bang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng pagpapatupad ng stratehiya ng Pagsusuri Batay sa Tema ng Maikling Kuwento sa Pagpapaunlad ng Kakayahan sa Komunikasyon ng mga Mag-aaral sa antas ng kasanayan sa komunikasyon ng mga mag-aaral sa Baitang 9?

4. Anong plano ng pagpapabuti ang maaaring imungkahi batay sa mga natuklasan ng pag-aaral upang mas mapalakas ang kasanayan sa komunikasyon ng mga mag-aaral?

Walang Hipotesis

HO: Walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng pagpapatupad ng stratehiya ng Pagsusuri Batay sa Tema ng Maikling Kuwento sa Pagpapaunlad ng Kakayahan sa Komunikasyon ng mga Mag-aaral sa antas ng kasanayan sa komunikasyon ng mga mag-aaral sa Baitang 9.


**Editorial Team**

**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan  **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco  **Web Editor**: Nikko C. Panotes

**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

## METODOLOHIYA

***Disensyo ng Pagsusuri.*** Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng deskriptibong pamamaraan ng pananaliksik upang masuri ang implementasyon ng estratehiya ng pagsusuri batay sa tema ng maikling kuwento sa pagpapaunlad ng kakayahan sa komunikasyon ng mga mag-aaral sa Baitang 9. Layunin ng pag-aaral na matukoy kung paano naipatutupad ng mga guro ang tematikong pagsusuri ng maikling kuwento at kung paano ito nakatutulong sa pagpapalawak ng kakayahan sa komunikasyon ng mga mag-aaral sa larangan ng pakikinig, pagsasalita, pagbasa, at pagsulat.

Upang makalikom ng datos, namahagi ang mananaliksik ng talatanungan o survey questionnaire sa mga piling mag-aaral sa Baitang 9. Ang talatanungan ay naglalaman ng mga pahayag hinggil sa implementasyon ng estratehiya ng pagsusuri batay sa tema ng maikling kuwento at sa antas ng kakayahan sa komunikasyon ng mga mag-aaral. Sinagutan ng mga respondente ang talatanungan nang buong katapatan upang makuha ang kinakailangang datos para sa pag-aaral.

Matapos makalap ang mga datos, ang mga ito ay pinagsama-sama, inayos, at sinuri gamit ang angkop na estadistikal na pamamaraan tulad ng weighted mean at iba pang kaugnay na pagsusuri upang matukoy ang epekto ng implementasyon ng estratehiya ng pagsusuri batay sa tema ng maikling kuwento sa pagpapaunlad ng kakayahan sa komunikasyon ng mga mag-aaral sa Baitang 9.

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

****************************************************************************************************

Ang pag-aaral na ito ay isinasagawa sa Lao Integrated School. Ginamit ng mananaliksik ang survey questionnaire at mga marka ng mga mag-aaral sa Filipino bilang pangunahing pinagkunan ng datos upang masuri ang implementasyon ng estratehiya ng pagsusuri batay sa tema ng maikling kuwento sa pagpapaunlad ng kakayahan sa komunikasyon ng mga mag-aaral sa Baitang 9. Ang survey questionnaire ay naglalaman ng mga pahayag na tumutukoy sa antas ng implementasyon ng estratehiya at sa kakayahan sa komunikasyon ng mga mag-aaral. Samantala, ang mga marka ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino ay nagsilbing batayan upang matukoy ang kanilang antas ng pagganap sa komunikasyon at pag-unawa sa mga aralin tungkol sa maikling kuwento. Bukod dito, ginamit din ang mga kagamitang panturo na inihanda ng guro tulad ng mga lesson plan, activity sheets, at iba pang kagamitang pampagkatuto na may kaugnayan sa pagsusuri ng tema ng maikling kuwento. Ang mga materyales na ito ay nagsilbing suporta sa implementasyon ng estratehiya at sa pagpapalawak ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagpapahayag ng sariling ideya, pakikipagtalastasan, at kritikal na pag-iisip. Ang mga survey questionnaire, marka ng mga mag-aaral, at iba pang kagamitang panturo ay nakatulong sa masusing pagsusuri at pag-unawa sa epekto ng implementasyon ng estratehiya ng pagsusuri batay sa tema ng maikling kuwento sa pagpapaunlad ng kakayahan sa komunikasyon ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng mga instrumentong ito, natukoy ang antas ng implementasyon ng estratehiya at ang kaugnayan nito sa pagganap ng mga mag-aaral, na naging batayan ng mga rekomendasyon tungo sa mas epektibong pagtuturo ng Filipino.

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
****************************************************************************************************

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue IV
June 2026
Available online at https://www.instabrightgazette.com

***Pagpili ng sampol.*** Ang mga respondent ng pag-aaral ay ang mga mag-aaral ng Baitang 9 (25 Lalake 21 Babae) ng nabanggit na paaralan ng nabanggit na paaralan. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay kinikilala at ang pangunahing paraan ng pag-abot sa kanila ay sa aktwal na pagsasagawa ng pag-aaral pati na rin sa pagkuha ng mga datos sa paaralan kung saan isinagawa ang pag-aaral.

***Mga Pamamaraan sa Pananaliksik***. Humingi ang mananaliksik ng permiso mula sa opisina ng Schools Division Office na pinamumunuan ng ating School Division Superintendent na si Carmelino P. Bernadas, Ph.D., CESO V, sa pamamagitan ng isang transmittal letter. Ang parehong nilalaman ng liham ay ibinigay sa Public-School District Supervisor, Punong Guro, at sa mga gurong may pangangalaga sa mga respondente.

Ang mga kagamitang pang-pananaliksik na ginamit ay ang survey questionnaire at mga marka ng mga mag-aaral sa Filipino 9 na nakatuon sa implementasyon ng estratehiya ng pagsusuri batay sa tema ng maikling kuwento at sa pagpapaunlad ng kakayahan sa komunikasyon ng mga mag-aaral sa Baitang 9. Ang survey questionnaire ay ipinamahagi ng mananaliksik upang matukoy ang antas ng implementasyon ng estratehiya at ang kakayahan sa komunikasyon ng mga mag-aaral batay sa kanilang pag-unawa, pagpapahayag ng ideya, at kaalaman sa mga aralin sa Filipino.

Matapos makalap ang mga datos, ang mga survey questionnaire at marka ng mga mag-aaral ay pinagsama-sama, inayos, at sinuri upang matukoy kung nakatulong ang

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue IV
June 2026
Available online at https://www.instabrightgazette.com

implementasyon ng estratehiya ng pagsusuri batay sa tema ng maikling kuwento sa pagpapaunlad ng kakayahan sa komunikasyon ng mga mag-aaral sa Baitang 9..

Ang mga datos ay kokolektahin at isusumite sa naaangkop na estadistikang pagsusuri.

***Mga Isyu ng Etika***. Ang karapatang magsagawa ng pag-aaral ay mahigpit na sinunod sa pamamagitan ng pag-apruba ng punong-guro at ang pag-apruba ng Superintendente ng Dibisyon. Ang oryentasyon ng mga kalahok, kabilang ang punong-guro ng paaralan, mga guro, at mga magulang, ay isinagawa.

***Pamamaraan ng Istatiska***. Ang mga sumusunod na pamamaraang istatistikal ay ginamit sa pag-aaral na ito:

Ang mga numerikal na tugon mula sa talatanungan ay binilang, inayos, at inilagay sa mga talahanayan upang maging malinaw ang presentasyon ng mga datos. Ang mga nakalap na datos ay sinuri gamit ang mga sumusunod na kagamitang pampag-aaral:

(Weighted Mean). Ginamit ito upang matukoy ang antas ng implementasyon ng estratehiya ng pagsusuri batay sa tema ng maikling kuwento at ang antas ng kakayahan sa komunikasyon ng mga mag-aaral sa Baitang 9 batay sa kanilang mga tugon sa talatanungan.

Pearson Product Moment Correlation Coefficient (Pearson r). Ginamit ito upang malaman kung may makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng implementasyon ng estratehiya ng pagsusuri batay sa tema ng maikling kuwento at ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa kanilang mga

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue IV
June 2026
Available online at https://www.instabrightgazette.com

marka sa Filipino 9. Ang paraang ito ay nakatulong upang matukoy kung ang estratehiya ay may kaugnayan sa pagpapaunlad ng kakayahan sa komunikasyon ng mga mag-aaral.

## MGA RESULTA AT TALAKAYAN

**TABLE I**

**SAKLAW NG PAGPAPATUPAD NG ESTRATEHIYA SA PAGSUSURI BATAY SA TEMA NG MAIKLING KUWENTO**

| Domain | Indicator | Weighted Mean | Interpretation |
|---|---|---|---|
| **Pagpaplano ng Pagsusuri Batay sa Tema** | Ang guro ay may malinaw na plano sa pagsusuri ng tema ng maikling kuwento. | 4.63 | Lubos na Sumasang-ayon |
| | Ang layunin ng pagsusuri ay nakatuon sa pag-unawa sa tema. | 4.62 | Lubos na Sumasang-ayon |
| | Pinipili ang mga kuwento na may makabuluhang tema. | 4.60 | Lubos na Sumasang-ayon |
| | Isinasaalang-alang ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagpaplano. | 4.57 | Lubos na Sumasang-ayon |
| | May malinaw na gabay sa pagsusuri ng tema ng kuwento. | 4.58 | Lubos na Sumasang-ayon |
| **Nilalaman at Pag-unawa sa Tema** | Nauunawaan ko ang pangunahing tema ng maikling kuwento. | 4.49 | Lubos na Sumasang-ayon |

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume VII, Issue IV**
**June 2026**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

| Domain | Indicator | Weighted Mean | Interpretation |
|---|---|---|---|
| | Nakikilala ko ang mensaheng nais ipabatid ng kuwento. | 4.55 | Lubos na Sumasang-ayon |
| | Naiuugnay ko ang tema sa aking sariling karanasan. | 4.42 | Lubos na Sumasang-ayon |
| | Natutukoy ko ang mga pangyayari na sumusuporta sa tema. | 4.40 | Lubos na Sumasang-ayon |
| | Napapalalim ang aking pag-unawa sa kuwento sa pamamagitan ng pagsusuri. | 4.61 | Lubos na Sumasang-ayon |
| **Estratehiya sa Pagtuturo** | Gumagamit ang guro ng iba't ibang estratehiya sa pagsusuri ng kuwento. | 4.60 | Lubos na Sumasang-ayon |
| | Hinihikayat ang talakayan tungkol sa tema ng kuwento. | 4.58 | Lubos na Sumasang-ayon |
| | May mga gawaing nagpapalawak ng pag-unawa sa tema. | 4.56 | Lubos na Sumasang-ayon |
| | Nabibigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na magpahayag ng opinyon. | 4.52 | Lubos na Sumasang-ayon |
| | Ginagabayan ng guro ang mga mag-aaral sa pagsusuri ng kuwento. | 4.63 | Lubos na Sumasang-ayon |

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

| Domain | Indicator | Weighted Mean | Interpretation |
|---|---|---|---|
| **Kakayahan sa Pasalitang Komunikasyon** | Naihahayag ko nang malinaw ang aking ideya tungkol sa tema. | 4.48 | Lubos na Sumasang-ayon |
| | Nakikilahok ako sa talakayan sa klase. | 4.46 | Lubos na Sumasang-ayon |
| | Nakapagbibigay ako ng opinyon batay sa aking pag-unawa. | 4.47 | Lubos na Sumasang-ayon |
| | Napapakinggan at nauunawaan ko ang opinyon ng iba. | 4.44 | Lubos na Sumasang-ayon |
| | Nadaragdagan ang aking kumpiyansa sa pagsasalita. | 4.45 | Lubos na Sumasang-ayon |
| **Kakayahan sa Pasulat na Komunikasyon** | Naisusulat ko nang malinaw ang aking pagsusuri sa tema. | 4.46 | Lubos na Sumasang-ayon |
| | Nakabubuo ako ng organisadong ideya sa pagsulat. | 4.43 | Lubos na Sumasang-ayon |
| | Nagagamit ko ang wastong gramatika at baybay. | 4.41 | Lubos na Sumasang-ayon |
| | Naipapahayag ko ang aking saloobin sa pamamagitan ng pagsulat. | 4.44 | Lubos na Sumasang-ayon |
| | Nadaragdagan ang aking kasanayan sa pagsulat ng pagsusuri. | 4.50 | Lubos na Sumasang-ayon |

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
****************************************************************************************************

**OVERALL WEIGHTED MEAN: 4.50 → LUBOS NA SUMASANG-AYON**

**LEGEND (5-Point Likert Scale)**

- 4.21 – 5.00 = Lubos na Sumasang-ayon
- 3.26 – 4.20 = Sumasang-ayon
- 2.51 – 3.25 = Hindi Tiyak
- 1.76 – 2.50 = Hindi Sumasang-ayon
- 1.00 – 1.75 = Lubos na Hindi Sumasang-ayon

Ang talahanayang ito ay nagpapakita ng saklaw ng pagpapatupad ng estratehiya sa pagsusuri batay sa tema ng maikling kuwento sa pagpapaunlad ng kakayahan sa komunikasyon ng mga mag-aaral sa Baitang 9. Saklaw nito ang iba't ibang aspekto tulad ng pagpaplano ng pagsusuri batay sa tema, nilalaman at pag-unawa sa tema, estratehiya sa pagtuturo, kakayahan sa pasalitang komunikasyon, at kakayahan sa pasulat na komunikasyon. Ipinakita sa mga resulta na ang lahat ng pahayag ay nakakuha ng interpretasyong "Lubos na Sumasang-ayon," na nangangahulugang mabisa at malawak na naipatupad ang estratehiya sa pagsusuri batay sa tema ng maikling kuwento sa pagtuturo ng Filipino.

Sa larangan ng pagpaplano ng pagsusuri batay sa tema, ang pinakamataas na marka ay nakuha ng pahayag na "Ang guro ay may malinaw na plano sa pagsusuri ng tema ng maikling kuwento" at "Ginagabayan ng guro ang mga mag-aaral sa pagsusuri ng kuwento" na parehong may weighted mean na 4.63 at may interpretasyong "Lubos na Sumasang-ayon."

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

Sinundan ito ng "Ang layunin ng pagsusuri ay nakatuon sa pag-unawa sa tema" na may weighted mean na 4.62, habang ang "Pinipili ang mga kuwento na may makabuluhang tema" ay may 4.60. Samantala, ang "May malinaw na gabay sa pagsusuri ng tema ng kuwento" ay may 4.58 at ang "Isinasaalang-alang ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagpaplano" ay may 4.57. Ipinakikita ng mga resultang ito na maayos na napaplano ng mga guro ang mga gawaing may kaugnayan sa pagsusuri ng tema ng maikling kuwento upang higit na mapalalim ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Sa nilalaman at pag-unawa sa tema, ang "Napapalalim ang aking pag-unawa sa kuwento sa pamamagitan ng pagsusuri" ay nakakuha ng pinakamataas na weighted mean na 4.61, na sinundan ng "Nakikilala ko ang mensaheng nais ipabatid ng kuwento" na may 4.55 at "Nauunawaan ko ang pangunahing tema ng maikling kuwento" na may 4.49. Ang "Naiuugnay ko ang tema sa aking sariling karanasan" ay may 4.42, habang ang "Natutukoy ko ang mga pangyayari na sumusuporta sa tema" ay may 4.40. Sa estratehiya sa pagtuturo, pinakamataas ang "Gumagamit ang guro ng iba't ibang estratehiya sa pagsusuri ng kuwento" at "Ginagabayan ng guro ang mga mag-aaral sa pagsusuri ng kuwento" na parehong may 4.63, habang ang "Hinihikayat ang talakayan tungkol sa tema ng kuwento" ay may 4.58. Kaugnay naman ng kakayahan sa pasalitang komunikasyon, ang "Naihahayag ko nang malinaw ang aking ideya tungkol sa tema" ay may 4.48, samantalang ang "Nadaragdagan ang aking kumpiyansa sa pagsasalita" ay may 4.45. Sa kakayahan sa pasulat na komunikasyon, pinakamataas ang "Nadaragdagan ang aking kasanayan sa pagsulat ng pagsusuri" na may 4.50, kasunod ang "Naisusulat ko nang malinaw ang aking pagsusuri sa

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue IV
June 2026
Available online at https://www.instabrightgazette.com

tema" na may 4.46. Ipinakikita ng mga resultang ito na ang estratehiya sa pagsusuri batay sa tema ng maikling kuwento ay nakatulong sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsasalita at pagsulat.

Ipinahihiwatig ng mga resulta na naging mabisa ang pagpapatupad ng estratehiya sa pagsusuri batay sa tema ng maikling kuwento sa pagpapaunlad ng kakayahan sa komunikasyon ng mga mag-aaral sa Baitang 9. Ang kabuuang weighted mean na 4.50 na may interpretasyong "Lubos na Sumasang-ayon" ay nagpapakita na positibong tinanggap ng mga mag-aaral ang mga gawaing may kaugnayan sa pagsusuri ng tema ng maikling kuwento. Ipinahihiwatig din ng mga resulta na nakatulong ang malinaw na pagpaplano, makabuluhang nilalaman, iba't ibang estratehiya sa pagtuturo, at aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral upang higit na mapalawak ang kanilang kakayahan sa pasalita at pasulat na komunikasyon. Higit pa rito, ipinakita ng pag-aaral na ang paggamit ng tematikong pagsusuri ay nagbigay-daan upang maging mas mapanuri, malikhain, at kumpiyansa ang mga mag-aaral sa pagpapahayag ng kanilang sariling ideya at opinyon.

**TABLE 2**

**KASALUKUYANG ANTAS NG KASANAYAN SA KOMUNIKASYON NG MGA MAG-AARAL SA BAITANG 9.**

| Grade Range | Frequency (f) | Percentage (%) | Interpretation |
|---|---|---|---|
| 70 – 74 | 5 | 10.87% | Did Not Meet Expectations |

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume VII, Issue IV**
**June 2026**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

| Grade Range | Frequency (f) | Percentage (%) | Interpretation |
|---|---|---|---|
| 75 – 79 | 10 | 21.74% | Fairly Satisfactory |
| 80 – 84 | 8 | 17.39% | Satisfactory |
| 85 – 89 | 9 | 19.57% | Very Satisfactory |
| 90 – 100 | 14 | 30.43% | Outstanding |

**Total:** 46 | **100%**

Ang talahanayang ito ay nagpapakita ng kasalukuyang antas ng kasanayan sa komunikasyon ng mga mag-aaral sa Baitang 9 batay sa kanilang mga marka. Ipinapakita rito ang distribusyon ng mga mag-aaral ayon sa antas ng kanilang pagganap na may kaukulang dalas, bahagdan, at interpretasyon. Layunin ng talahanayang ito na matukoy ang antas ng kakayahan sa komunikasyon ng mga mag-aaral upang malaman kung gaano kabisa ang kanilang pag-unawa, pagpapahayag, at paggamit ng kasanayan sa komunikasyon sa asignaturang Filipino. Ang mga resulta ay nagpapakita na karamihan sa mga mag-aaral ay nakapagtamo ng mataas na antas ng pagganap, na nagpapahiwatig ng positibong antas ng kanilang kakayahan sa komunikasyon.

Makikita sa talahanayan na ang pinakamataas na bilang ng mga mag-aaral ay kabilang sa antas na "Outstanding" na may gradong 90–100, na may kabuuang 14 na mag-aaral o 30.43 porsyento ng kabuuang respondente. Ipinapakita nito na malaking bilang ng mga mag-aaral ang nagpakita ng napakahusay na kasanayan sa komunikasyon. Sinundan ito ng antas na "Fairly Satisfactory" na may gradong 75–79, na may 10 mag-aaral o 21.74 porsyento.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

Samantala, ang antas na "Very Satisfactory" na may gradong 85–89 ay may 9 na mag-aaral o 19.57 porsyento, habang ang antas na "Satisfactory" na may gradong 80–84 ay may 8 mag-aaral o 17.39 porsyento.

Sa kabilang banda, ang pinakamababang bilang ng mga mag-aaral ay kabilang sa antas na "Did Not Meet Expectations" na may gradong 70–74, na may 5 mag-aaral o 10.87 porsyento lamang. Ipinapakita ng resulta na bagama't may ilang mag-aaral na nangangailangan pa ng higit na paggabay at pagpapalawak ng kakayahan sa komunikasyon, mas marami pa rin ang nagpakita ng kasiya-siya hanggang natatanging pagganap. Ipinahihiwatig din nito na ang karamihan sa mga mag-aaral ay may kakayahang umunawa, magpahayag ng saloobin, at makipagkomunikasyon nang epektibo sa iba't ibang gawaing pangklase sa Filipino.

Ipinahihiwatig ng mga resulta na ang kasalukuyang antas ng kasanayan sa komunikasyon ng mga mag-aaral sa Baitang 9 ay nasa positibong antas ng pagganap. Ang may pinakamataas na bahagdan ay kabilang sa antas na "Outstanding," na nagpapakita na maraming mag-aaral ang may mataas na kakayahan sa komunikasyon. Kasunod nito ang mga antas na "Very Satisfactory," "Satisfactory," at "Fairly Satisfactory," na nagpapahiwatig na karamihan sa mga mag-aaral ay may sapat hanggang mataas na antas ng kasanayan sa pakikipagtalastasan, pagpapahayag ng ideya, at pag-unawa sa mga aralin. Samantala, ang maliit na bahagdan ng mga mag-aaral na nasa antas na "Did Not Meet Expectations" ay nagpapakita ng pangangailangan para sa mas masusing paggabay at interbensiyon upang higit pang mapaunlad ang kanilang kakayahan sa komunikasyon. Ang resulta ay

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue IV
June 2026
Available online at https://www.instabrightgazette.com

nagpapahiwatig na ang mga estratehiyang ginagamit sa pagtuturo ng Filipino, partikular sa pagsusuri ng maikling kuwento, ay may mahalagang ambag sa pagpapaunlad ng kakayahan sa komunikasyon ng mga mag-aaral.

**TABLE 3**

**PAGSUSURI NG UGNAYAN SA PAGITAN NG IMPLEMENTASYON NG ESTRATEHIYA AT PAGGANAP NG MGA MAG-AARAL SA KOMUNIKASYON**

| Variables Correlated | r (Pearson) | Computed t | Table Value @ 0.05 | Decision on Ho | Interpretation |
|---|---|---|---|---|---|
| Saklaw ng Pagpapatupad ng Estratehiya sa Pagsusuri Batay sa Tema ng Maikling Kuwento (Table 1) at Kasalukuyang Antas ng Kasanayan sa Komunikasyon ng mga Mag-aaral sa Baitang 9 (Table 2) | 0.86 | 5.98 | 1.96 | Reject Ho | Napakalakas na Positibong Ugnayan |

Ang talahanayang ito ay nagpapakita ng Pagsusuri sa Ugnayan sa Pagitan ng Pagpapatupad ng Estratehiya at Pagganap sa Komunikasyon ng mga Mag-aaral," na tumutukoy sa relasyon ng saklaw ng pagpapatupad ng estratehiya sa pagsusuri batay sa tema ng maikling kuwento at ang kasalukuyang antas ng kasanayan sa komunikasyon ng mga mag-aaral sa Baitang 9. Layunin nitong matukoy kung may makabuluhang ugnayan ang maayos

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

****************************************************************************************************
na implementasyon ng estratehiya sa pag-unlad ng kasanayan sa komunikasyon ng mga mag-aaral. Ipinapakita ng resulta ang antas ng relasyon ng dalawang baryabol batay sa istatistikal na pagsusuri.

Makikita sa talahanayan na ang ugnayan ng dalawang baryabol ay may Pearson r-value na 0.86, na may interpretasyong "Napakalakas na Positibong Ugnayan." Ipinapakita rin na ang computed t-value na 5.98 ay mas mataas kaysa sa table value na 1.96 sa antas ng 0.05, kaya't tinanggihan ang null hypothesis. Ibig sabihin, may makabuluhang ugnayan ang dalawang baryabol at hindi ito nagkataon lamang.

Ipinapakita ng resulta na kapag mas mataas ang antas ng pagpapatupad ng estratehiya sa pagsusuri batay sa tema ng maikling kuwento, mas mataas din ang antas ng kasanayan sa komunikasyon ng mga mag-aaral sa Baitang 9. Ipinahihiwatig nito na ang sistematikong paggamit ng tematikong pagsusuri ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pakikinig, pagsasalita, pagbasa, at pagsulat, gayundin sa kanilang kritikal na pag-iisip at pagpapahayag ng ideya.

Ipinahihiwatig ng mga resulta na may mahalagang papel ang implementasyon ng estratehiya sa pagpapaunlad ng kasanayan sa komunikasyon ng mga mag-aaral. Ang Pearson r-value na 0.86 at computed t-value na 5.98, na parehong nagpapakita ng makabuluhang ugnayan, ay nagpapatunay na ang mas mataas na implementasyon ng estratehiya ay nagreresulta sa mas mataas na antas ng komunikatibong kasanayan. Kaya't ang resulta ay nagpapahiwatig na ang tematikong pagsusuri ng maikling kuwento ay epektibong estratehiya sa pagpapahusay ng kakayahan ng mga mag-aaral sa komunikasyon at akademikong

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
****************************************************************************************************

******************************************************************************************************
pagganap sa Filipino.

**Conclusion**

Batay sa mga resulta ng pag-aaral na ito, napatunayan na may mahalagang ugnayan ang implementasyon ng estratehiya sa pagsusuri batay sa tema ng maikling kuwento at ang pag-unlad ng kasanayan sa komunikasyon ng mga mag-aaral sa Baitang 9. Ipinakita ng mga natuklasan na ang mas maayos at sistematikong paggamit ng estratehiyang ito ay nakatutulong sa pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga akdang pampanitikan, gayundin sa pagpapaunlad ng kanilang kakayahan sa pakikipagtalastasan, kritikal na pag-iisip, at pagpapahayag ng sariling ideya. Sa kabuuan, ang estratehiyang nakatuon sa tematikong pagsusuri ay epektibong paraan upang mapataas ang kalidad ng pagkatuto at mapalakas ang kasanayan sa komunikasyon ng mga mag-aaral sa Filipino.

**Recommendations**

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral na ito, ang mga sumusunod na rekomendasyon ay inihahain:

Ang guro ay dapat patuloy na gumamit at magpahusay ng estratehiya sa pagsusuri batay sa tema ng maikling kuwento sa pagtuturo upang higit pang mapaunlad ang kakayahan sa komunikasyon ng mga mag-aaral sa Baitang 9 sa pamamagitan ng mas aktibong talakayan, pagsulat, at pagpapahayag ng opinyon.

******************************************************************************************************
Editorial Team
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
******************************************************************************************************

Ang guro ay dapat maghanda ng mga makabuluhang gawain at materyales na nakatuon sa tematikong pagsusuri upang mahikayat ang mga mag-aaral na mag-isip nang kritikal, magbahagi ng ideya, at makilahok nang aktibo sa klase.

Ang guro ay dapat magsagawa ng regular na pagtataya at pagbibigay ng feedback upang matukoy ang pag-unlad ng kasanayan sa komunikasyon ng mga mag-aaral at agad matugunan ang kanilang mga kahinaan.

Ang mga punong-guro ay dapat suportahan ang mga guro sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagsasanay, seminar, at mga gawaing pangpropesyonal na nakatuon sa paggamit ng makabagong estratehiya sa pagtuturo tulad ng tematikong pagsusuri.

Ang mga punong-guro ay dapat tiyakin ang pagkakaroon ng sapat na kagamitang pampagtuturo at oras para sa mga gawaing nakatuon sa pagpapaunlad ng kasanayan sa komunikasyon ng mga mag-aaral.

Ang mga tagamasid pampurok ay dapat subaybayan at gabayan ang mga guro sa wastong implementasyon ng estratehiya upang matiyak ang kalidad ng pagtuturo at pagkatuto sa paaralan.

Ang mga magulang ay dapat hikayatin at suportahan ang kanilang mga anak sa pakikilahok sa mga gawaing pangkomunikasyon sa paaralan at sa bahay upang mapalakas ang kanilang kumpiyansa sa pagpapahayag ng sarili.

Ang mananaliksik ay dapat patuloy na magsagawa ng mga pag-aaral na nakatuon sa pagpapabuti ng estratehiya sa pagsusuri batay sa tema ng maikling kuwento upang higit pang mapalawak ang kaalaman sa epektibong pagtuturo ng Filipino.

*****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
*****************************************************************************************************

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume VII, Issue IV**
**June 2026**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

Ang mga susunod na mananaliksik ay dapat magsagawa ng karagdagang pag-aaral na may mas malawak na saklaw at ibang antas ng mag-aaral upang higit pang mapatunayan at mapalalim ang resulta ng pag-aaral na ito tungkol sa pagpapaunlad ng kakayahan sa komunikasyon gamit ang tematikong pagsusuri.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue IV
June 2026
Available online at https://www.instabrightgazette.com

**PAHAYAG NG PASASALAMAT**

Nais ipahayag ng mananaliksik ang kanyang taos-pusong pasasalamat sa mga sumusunod na nagbigay ng mahalagang ambag sa matagumpay na pagsasakatuparan ng pag-aaral na ito:

Kay Bryant C. Acar, Tagapangulo, para sa kanyang paghihikayat at walang sawang pagsisikap sa pagpapabuti ng pag-aaral;

Kay Annabelle A. Wenceslao, tagapayo ng manunulat sa pananaliksik, para sa kanyang mahahalagang mungkahi, buong suporta, at paghihikayat;

Kay Jasmine B. Misa at Elvin H. Wenceslao, bilang mga kasapi ng Panel ng mga Tagasuri, para sa kanilang mga propesyonal na mungkahi at rekomendasyon tungo sa pagsasakatuparan ng pag-aaral na ito;

Kay Sabina Con-ui, Dekana ng Graduate School, para sa kanyang nakapagbibigay-inspirasyong pamumuno, akademikong paggabay, at matatag na suporta na nagsilbing motibasyon sa mananaliksik upang magsikap tungo sa kahusayan at matagumpay na matapos ang pag-aaral na ito sa gradwadong antas;

Kay Ginoong Marvin S. Doldolia, Punong-guro ng Lao Integrated School, para sa pagbibigay pahintulot na maisagawa ang pag-aaral sa nasabing paaralan;

Sa mga respondente ng Lao Integrated School, lalo na sa mga mag-aaral, para sa kanilang katapatan at pakikipagtulungan sa pagsagot ng mga kinakailangang datos;

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue IV
June 2026
Available online at https://www.instabrightgazette.com
**********************************************************************************************************

Sa aking Pamilya, na ang walang kondisyong pagmamahal at hindi matatawarang suporta ang naging lakas ko sa buong paglalakbay na ito. Ang kanilang pagtitiis, sakripisyo, at patuloy na paniniwala sa akin ang nagbigay sa akin ng lakas ng loob upang magpatuloy at matapos ang aklat na ito kahit sa mga pinakamahihirap na pagkakataon;

Higit sa lahat, sa Poong Maykapal, para sa mga biyaya at pagkakataong ipinagkaloob upang maipagpatuloy ang pag-aaral sa gradwadong antas at makamit ang propesyonal na pag-unlad. Higit pa rito, taus-puso akong nagpapasalamat sa Kanyang patnubay at kaliwanagan;

At sa lahat ng mga taong tumulong upang maisakatuparan at matapos ang papel-pananaliksik na ito, maraming salamat po.

**********************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
**********************************************************************************************************

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue IV
June 2026
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*
******************************************************************************************************************

## REFERENCES

Aguinaldo, F. (2024). Epekto ng mga aktibidad na nakabatay sa sining sa kasanayan sa pagsusulat ng mga mag-aaral. [Unpublished master's thesis]. Western Mindanao State University.

Alcantara, J. (2021). Epekto ng paggamit ng mga multimedia tools sa pagsasanay ng mga estudyante sa pagsusulat. [Unpublished master's thesis]. University of the Cordilleras.

Alvarez, T. (2017). Malikhain na gawain at ang pagbuo ng tiwala sa sarili ng mga estudyante sa pagsusulat. [Unpublished master's thesis]. De La Salle University.

Bautista, R. (2021). Impluwensya ng mga lokal na kwento sa pagsasanay ng mga mag-aaral sa pagsusulat. [Unpublished master's thesis]. University of San Carlos.

Cordero, S. (2020). Ugnayan ng mga estratehiyang nakabatay sa konteksto at ang epekto nito sa kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. [Unpublished master's thesis]. Central Luzon State University.

******************************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
******************************************************************************************************************

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue IV
June 2026
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

***************************************************************************************************

## AUTHOR'S PROFILE



**REYMART P. GEMINA**

The author is born on March 1, 2000 at Ormoc City, Leyte, Philippines. He finished Bachelor of Secodary Education major in Filipino in Western Leyte College of Ormoc Inc. with an award of Academic Excellence. During his high school and college years, he developed a strong interest in reading books and enjoys guiding students who have difficulty with reading. He was a leader in different organization focused on helping the students to improve their reading skills. His experience as a student leader inspired him to pursue this field as his specializition for his master's degree. He is currently finishing her Master's degree of Arts in Education major in Filipino at Western Leyte College of Ormoc City.

He is currently a Teacher I in the Department of Education and a Grade 9 Teacher at Lao Integrated School at Barangay Lao Ormoc City, Leyte, Philippines. He is a coordinator in a school organization for learners namely, Barkada Kontra Druga. A Reading Coordinator of his School namely Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI). He believes that every learner has the ability to grow and succeed when given proper guidance, support, and encouragement, and he is dedicated to helping students become responsible, lifelong learners.

***************************************************************************************************

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

***************************************************************************************************